1

Kasing-lamig ng gabing bumabalot sa kapaligiran ang puso at pakiramdam ni Philip. Nakatayo siya sa puno ng hagdan sa ikalawang palapag ng gallery. Malalim na ang gabi subalit punung-puno pa rin ang gusali ng mga taong imbitado sa exhibit.

Mga mayayaman, pulitiko at mga importanteng tao na mula pa kanina ay naroon pa rin upang di magmukhang bastos. Hindi pa rin kasi dumarating ang pagtitipon sa yugto na pinakahihintay ng lahat: ang pagsasalita ng pintor ukol sa bagong koleksyon.

Bumuntong-hininga siya at bumaba nang dahan-dahan mula sa kinatatayuan. Twenty-four paintings ang nakasabit sa mga dingding ng gusali na ngayon ay pinagpipiyestahan na ng mga tao.

"The party is in full swing, Hijo," anang tito niya na siyang may ideya na i-display ang mga likha sa publiko para sa pagpapabango ng pangalan ng kompanya.

Tutol siya noon ngunit napilitan na nang ang ina mismo niya ang nagpumilit.

He hated it all—the hypocrisy and the pretense

behind the guests' faces, their genuine intention for coming tonight. He disliked the idea of showing off his most precious creations. For not a soul in the hall appeared to understand any of his paintings.

Masquerade ball ang theme ng pagtitipon. Lahat ay nakamaskara maliban sa kanya; ang pintor. Tinitingnan siya ng lahat, nakangiti ang mga ito sa kanya. Kinakamayan siya at pinagmamasdan. Kinaiinggitan.

His name was now synonymous to fame, fortune and power.

Hayaan mo silang mainggit, sabi niya sa sarili, *bagay lang 'yan sa kanila na walang inisip kundi pera at kapangyarihan.*

Money and power. Two of the things he had and hated at the same time.

"Hi, I really love your work," bungad ng isang babae habang nang-aakit na nakatitig sa kanya.

"Really? How so?" He faked a smile. Nakasuot ito ng revealing na tube dress at pulang face mask.

She giggled and displayed her chest in a more hideous angle.

"It really speaks to me," anito. "The… uhm, the

colors show the happiness of the painter, the fire and the burning passion…" Bumalik ang tingin nito sa kanya, naghihintay ng pagsang-ayon at tumawa na parang may nakakatuwa sa sinabi nito.

"Wait! Where are you going? I like the pearl…" she called out as he stalked away.

God knows where she picked up that interpretation. He had met hundreds of them—women who thought it would impress him if they showed appreciation for his work. It was just absurd. Gusto na niyang umalis ng gallery at takasan lahat ng kabaliwan.

"It's a bubble."

Lumingon siya sa pinanggalingan ng malamig na boses at nasumpungan ang isang babaeng nakasuot ng black cocktail dress at gold mask. Hindi ito nakatingin sa kanya. Nakatutok ang paningin nito sa kaharap na larawan.

"Excuse me?" Nilapitan niya ito.

"It's not a pearl. It's a bubble," paglilinaw ng babae na ngayon ay nakaharap na sa kanya. Her chocolate-brown eyes stared at him. "When the white light was refracted in the membrane of the bubble, its component colors appeared." Ibinalik nito ang tingin sa larawan. "It's elementary science." Walang

pang-iinsulto ang boses nito.

So it is, aniya sa sarili. Pinagmasdan niya ang babae pagkatapos ay ang larawan sa harap nila.

Ang *Lady In The Mirror* ang likha—isang babaeng nakatingin sa salamin ngunit may suot na maskara.

"The white light's capacity to hide the seven colors amazes me."

Napangiti ang dalaga. "Tulad ng tao," sang-ayon nito. "A man could show one face to the world and be a mass of emotions inside."

Exactly, aniya sa sarili.

At ito na yata ang pinakakakaibang emosyon na naramdaman niya. Mabilis ang pintig ng kanyang puso. Hindi siya sigurado kung dahil sa unang pagkakataon ay may nakaunawa ng saloobin niya sa likhang ipininta o dahil mismo sa kausap.

"This painting fascinates me. I find it ironic… and somehow truthful."

"Talaga?"

"People always say they want to know who they really are, some even believe they already do, but most just find it hard to let go of the pretense they

use in front of others. It's like the real self versus ideal self debate," nakangiting sambit nito.

He was dumbstruck.

Who is she?

Paanong ganoon kadali ay naunawaan siya nito? Pinakatitigan niya ang malalim na mga mata nito. That moment everything else disappeared. Tanging ang dalaga ang nakikita at nararamdaman niya. And she was the only girl who was able to see his soul through his paintings.

Biglang binalot ng dilim ang gusali. Isang nakabubulag na ilaw ang itinutok sa kanya.

Another reason to hate the limelight, he thought.

"Ladies and Gentlemen, please welcome, the man behind the Cloak Collection!"

Narinig niya ang masigabong palakpakan. Kasabay niyon ay ang mga brasong umaalalay sa kanya paakyat ng stage. Ilang sandali pa ay nasa entablado na siya. Tiningnan niya ang lugar kung saan nakasabit ang pinakatampok na obra ng koleksyon, ang *Lady In The Mirror*.

Tanging kalungkutan ang naramdaman ni Philip nang ang unang babaeng bumihag sa kaluluwa niya

ay di niya nakita sa tabi ng likha.

———————

Philip didn't bother to look at his lawyer, ang buong atensyon niya ay nakatutok sa painting na kaharap. Halo-halong emosyon ang kanyang nararamdaman sa tuwing tinititigan niya ang sariling likha.

"Philip, Hijo, six million pesos for this one? Isipin mo na lang kung 'yung buong koleksyon mo ang ibebenta natin," untag ng abogado.

"Hindi ko kayang ibenta ito," sa wakas ay sabi niya.

Napabuntong-hininga ang matanda. "Hijo, be practical. Hindi basta-basta mahahagilap ang six million ngayon. Bagsak lagi ang ekonomiya. Himala nga na may handa pa ring gumastos para lang sa isang painting."

"The answer is no, and that's final." He left the office.

Some things simply could not be helped. Makalipas lamang ang ilang linggo at ilang negosasyon ay nabenta pa rin ang *Lady In The Mirror* sa halagang 10.5 million pesos. Ang painting na iyon ang

pinakamahalagang painting sa kanyang koleksyon.

Dahil sa alaala noong gabi ng exhibit sa Paris walong taon na ang nakakaraan.

Pero isa iyon sa hinahabol-habol ng mga art collectors dahil sa nabuong alamat sa likod ng painting. Natatagpuan daw kaagad ng mga taong nakakita sa nasabing obra ang taong mamahalin nila habang-buhay.

Nagsimula raw iyon sa kanyang uncle na nakilala ang napangasawa sa isang pagtitipon sa bahay nila. Sumunod ang pinsan nito na galing Singapore at naimbitahan din sa bahay nila. Nakakilala rin ito ng lalaking hindi nagtagal ay naging kasintahan nito. Nagsunud-sunod ang kasalan sa kanilang pamilya, pati na rin sa mga malalapit na kaibigan na naiimbitahang bistahan ang larawan.

At palagi ay parte siya ng entourage bilang isa sa mga groomsmen. At labis ang pasasalamat sa kanya at sa kanyang painting ng mga taong dati ay tila pinagdamutan ng pag-ibig.

At dahil sa kuwentong iyon ay marami ang nagnais na bumili ng *Lady In The Mirror*. Ilang beses na rin itong pinagtangkaang nakawin sa bahay niya.

Hindi niya maintindihan ang obsesyon ng mga

panatiko sa pag-ibig. Mga desperado. Kung totoo ang lahat, bakit hindi iyon nangyari sa kanya? Siya siguro ang pinakamadalas na nakakita sa painting na iyon.

Maybe it doesn't work for the painter… or the owner, he concluded.

Pero ngayon ay wala na siyang ibang matatakbuhan kundi ang mga koleksyon niya na isa-isa na rin niyang naibebenta.

Aling kompanya ang hindi mababangkarote kung eighty percent ng assets nito ay nasa *Lehman Brothers* na siyang bumagsak na broker firm sa *Wall Street*?

Ngayon ay may utang pa silang seventy-five million pesos sa *BIR* dahil sa buwis na hindi umano nila binayaran. 'Umano' dahil hindi siya makapaniwala roon. Dinaya sila ng firm na nagma-manage ng account nila.

Pero wala siyang magawa, lahat ng ebidensya at laman ng portfolio niya ay tumutukoy sa eighty percent loss nila sa stock market.

"The government is giving you eight months before it forecloses and liquidates all your company's assets. Napakalaking pera nito, Philip." Si Atty. La Fuentes. Naroon uli siya sa opisina nito. "If we don't file a chapter eleven, we're gone," dagdag pa nito.

"Don't we have other choices?" he asked.

"Sell stocks, downsize, redesign, merger. Pick your choice."

He knew all of those, pero umasa pa rin siyang may iba pa liban sa mga nabanggit nito. Suicide missions lahat ng iyon. Natahimik siya sandali bago nagsalita.

"I'm going to pull out some stocks and re-invest. I'll fuse some divisions of the company and see where I can go from there."

"Sounds like a plan," saad ng abogado.

———————

May lahing pranses si Philip Lumier, at mayaman ang angkan na kanyang pinagmulan. Alam niya kung paano magpatakbo ng sariling kompanya, hindi tulad ng ibang mayayaman na ang alam lang ay maging sakit ng lipunan.

Real estate, restaurants, at resort ang sakop ng conglomerate niya—ang *Lumier Company Limited.* He was an eligible bachelor at biniyayaan pa ng hitsurang nag-ugat sa kanyang French ancestry. Halos lahat ng aspeto ng buhay niya ay nalalathala sa pahayagan. Kahit ang maagang pag-graduate sa *Yale* sa kursong

Business Administration.

Sa kabila ng French-Filipino nationality ay pinili niyang mamalagi sa Pilipinas kung saan nanatili ang ina mula nang yumao ang kanyang ama. Subsob siya sa trabaho, kung hindi man nagpipinta. Kabilang din ang photography at tennis sa hobbies niya.

Maraming kababaihan ang nagkakandarapa ngunit wala siyang masyadong panahon sa pakikipagrelasyon. Ayaw rin niyang makasakit ng babae. He didn't want half-baked affairs.

"So," aniya habang inaayos ang mga papeles, "pakitawagan na lang ang *Star TV* tungkol sa pagpu-pull out ko ng shares pati na rin sa pinapa-follow up ko na data ng financial history ng kompanya."

"Okay, may iba pa ba?" tanong ng abogado.

Natahimik siya saglit. "Sino ang bumili ng painting?"

Kinuha ng attorney ang file ng painting acquisition at ibinigay sa kanya. Pinasadahan niya iyon ng tingin.

"E.R.M?" aniya habang binabasa ang nakasulat.

"Oo, iyan lang ang nakasaad sa portfolio niya," sagot ng abogado.

Hindi niya mapigilan ang madismaya. He badly wanted to know the identity of the desperate person who bought his art work.

"Do you want me to look it up?" tanong ng matanda.

"No need, I was just a little curious," tanggi niya at ibinalik ang file sa abogado.

Tumango-tango ito. "Anything else then?"

Umiling siya at tumayo na upang kamayan ang abogado. Nakangiti nitong inabot iyon.

"You can go through this, Philip, I know you can," anito bago binitawan ang kanyang kamay.

Napangiti siya sa sinseridad nito. "Thank you."

Walang-imik na lumabas siya sa opisina ng matanda.

2

Alas doce na ng tanghali. Time for lunch. Nakaupo si Philip sa loob ng office ng CEO ng *Star TV*. Isa siya sa major stockholders ng nasabing TV station, ngunit ngayon ay nakikipagpulong siya upang ibenta ang share niya sa ibang investors.

Hindi man maintindihan ng CEO ang dahilan ng negosasyon, ay hinayaan na lang siya nito. Isa ang *Star TV* sa pinaka-profitable na TV stations sa bansa.

"Well, it is your decision," anang CEO habang tinitingnan ang binata. Admiration was on the CEO's face. Nakita nito ang galing ng binata sa negosyo and he sincerely hoped for the best for Philip.

He smiled warmly. "It has been a wonderful partnership, Mr. Elevazo. Marami akong natutunan tungkol sa entertainment industry through this venture."

"We, too, are grateful for your time. I'm sure you'll be missed by everyone, especially the ladies," sagot ng CEO. "Saan mo nga ba planong mag-reinvest? I know it's none of my business, curiousity lang naman."

"Ah, I'm thinking of an eco-friendly interior

designing firm or something like that," walang anuman niyang sagot.

"Sounds interesting," sagot ng CEO.

Hindi na siya sumagot. Pagkaraan ng ilan pang sandali ay napabuntong-hininga ang CEO, bakas ng panghihinayang, ngunit nakangiti ito nang muli siyang harapin.

"The papers will be ready in a week and in due time we will inform you of the venue. I will also notify the board about this." Tumayo na ito at kinamayan siya.

Nang oras ding iyon ay tumunog ang kanyang cellphone.

Mabilis na niyang binitawan ang kamay nito at magalang na nagpaalam.

"I'll take this outside. Thank you, Mr. Elevazo. "

"Good luck," pahabol nito.

Tuluy-tuloy na siyang lumabas at pinindot ang answer button ng kanyang cellphone.

"Tito?" Ang Tito Alfredo niya ang tumayong tatay sa kanya mula noong mamatay ang kanyang ama.

Isa itong retired professor ng Anthropology sa

San Beda College at ngayon ay nagsusulat na lamang ng libro at nagbibigay ng lecture sa iba't ibang paaralan sa Third World.

"Hijo, I've heard that someone has already bought the *Lady In The Mirror*. Must be hard for you," bungad nito.

Napabuntong-hininga siya. "Yeah, well… I'll survive."

"Of course," mabilis nitong pagsang-ayon. "Still, I want to see you. Kadarating ko lang galing Nigeria, and I want to tell you all about my travel." Nahaluan ng excitement ang boses nito.

Sa edad na fifty-three, batang-bata pa rin, driven, at napaka-enthusiastic ng tito niya. May naramdaman siyang kaligayahan pagkarinig ng excitement sa boses ng kinikilalang ama.

"I'll be in the country club tomorrow, golf tayo. Malay mo manalo ka na sa akin ngayon," anito na may halong panunukso.

Hindi niya napigilan ang matawa. Golf was not really his favorite sport. He just played it for the sake of business. Halos lahat ng negosasyon ay puwedeng pag-usapan at balasahin sa golf course.

"I'll be there," sagot na lamang niya habang naglalakad patungo sa elevator.

"Perfect." Isang tawa ng tagumpay ang umugong sa kabilang linya.

"Easy lang, Tito. Ang puso mo," aniya na nanunukso na rin. Napalis ang ngiti niya nang makitang out of order ang elevator.

"Damn," naibulong niya.

"Are you okay?" untag ng kausap.

"Yeah, I'm okay. Sira ang elevator. I'm taking the stairs." Lumihis siya at hinanap ang hagdanan.

Narinig niya ang halakhak nito. "Don't tire yourself then. Sige na, I'll see you tomorrow."

"Yeah, tomorrow," he confirmed.

Naglakad na siya sa lobby ng station, puting tiles at puting dingding ang kanyang dinadaanan. Tahimik ang paligid at ang yabag lang ng paglalakad niya ang tunog sa paligid. Alas doce y media na sa relo niya. Nasa pinakataas siyang palapag ng gusali. Twenty-four floors to go. He decided to try the other elevators, kaya dumaan siya sa pasilyo ng studios, mga division kung saan ginagawa ang mga palabas sa TV. Sa wakas, nakakita rin siya ng elevator na

mukhang gumagana, or at least naka-on ang LED lights. Nasa pinakadulo ito ng pasilyo ng dalawang studio.

Naglalakad na siya sa hallway nang biglang bumukas ang isa sa malalaking pinto ng studio at bumaha bigla ng tao sa paligid. Reporters, staff, camera flash bulbs, at mga naghihiyawan at nandudumog na fans.

Dahil sa mga ito ay naging imposible ang pagtahak niya sa pasilyo. Pigil ang inis na tatalikod na sana siya sa hagdanan pero noon din ay bumukas ang isa pang pinto ng studio at katulad ng naunang pinto ay nagsipaglabasan doon ang laksa ng tao na muling humarang sa kanyang daraanan.

Nagtutulakan ang lahat. He was getting suffocated dahil sa sikip at biglang pag-init ng malamig na lugar dahil sa dami ng tao. It reminded him of carnivals and circuses in Europe—noisy, crazy and scary—chaos at its finest. This was the last thing he wanted.

Kaya niyang lusutan ang malulupit na problema ng kompanya. Palagi siyang nakakagawa ng paraan upang maresolba ang kanyang mga problema gaano man iyon katindi. His calm was commendable. But right that moment, hindi niya yata alam ang gagawin. And as if his day was not bad enough already, lumabas

na ang pinagkakandarapaan ng buong bayan at ng mga panatiko sa paligid niya. The commotion became downright insufferable.

Nakakairitang flashes ng camera, screaming, yelling and even crying fans. It would make a very good expressionist painting.

Napagdesisyunan na lamang niyang tumayo sa isang tabi at hintaying humupa ang pagkakagulo. He didn't have a choice anyway.

"Jenny! Jenny Roxas!" sigaw ng mga tao.

He wouldn't even bother to throw a glance at the object of their affection. Truth be told, he had not heard of Jenny Roxas. Ever.

Isang kahol mula sa paanan niya ang pumunit sa mga naririnig niyang sigawan. Nang tingnan niya ay isang puting tuta ang nakatingin sa kanya. Puppy-big brown eyes were looking at him and its tail was wagging. He recognized the breed. Yorkshire Terrier.

He was not really a fan of animals but it was good for a businessman's image. A dog was synonymous to having compassion. Great Dane ang aso niya at isinunod niya ang pangalan nito sa paborito nitong cartoon character—si Scooby.

Pinulot niya ang aso dahil baka masaktan ito ng mga taong nagkakagulo. Ngunit pagkaraan ng ilang segundo ay tumalon ang aso mula sa braso niya. Parang humilab ang sikmura niya nang makitang muntik na itong maapakan ng isa sa mga fans.

Irritated, he went after the dog, risking the possibility of a stampede on his person. Hindi niya maintindihan. He just felt the need to keep the dog in one piece at least.

Tumakbo ang aso patungo sa may pinakamaraming tao. Nang mga oras na iyon ay mga paa na lang ang nakikita niya. Tatawa sana siya for the thrill-seeking-suicidal dog kung hindi siya idinamay nito.

Nakita niya ang pagtalon ng aso sa isang pares ng naghihintay na mga bisig. Hindi niya iyon napaghandaan kaya huli na nang makapagpreno siya. Lumagpas siya sa harang na mga bodyguards ng pinagkakaguluhan.

Sandali siyang natigilan pagkakita sa tinitilian ng mga tao. Kung di pa niya naramdaman ang paghawak ng isang bodyguard sa bisig niya ay hindi pa siya matitinag sa kinatatayuan.

“Sir, d’un lang po kayo sa tabi.”

Out of reflex ay naikuyom niya ang mga kamao

nang maramdaman ang malakas na pagtulak ng lalaki sa kanya palayo. But before he could act what was on his mind ay muling tumahol ang aso at kumawala sa pagkakahawak ng babae. Tumakbo ito patungo sa bodyguard at kinagat ang pantalon nito na parang inilalayo ito sa kanya.

Philip wanted to laugh, but the weirdness of the situation prevented him.

"Bitawan n'yo siya," saway ng isa sa mga handler ng artista na noon ay nasa likod ng mga guwardiya.

Agad na binitawan ng lalaki ang braso niya. Napapahiyang lumapit sa kanya ang handler.

"I am sorry, Mr. Lumier," buong-pagpapakumbabang saad nito.

"No harm done so it's okay. I was just passing through," sagot niya habang sinasamantala ang pagkakataon para makadaan patungo sa elevator.

Pinagtinginan siya ng mga tao sa paligid. Ang sigawan ay napalitan ng mahihinang bulungan. May kumuha pa ng litrato niya. Tiningnan din siya ng actress na noon ay nakaakap sa aso nito. Muli ay sandali niya itong napagmasdan.

Black hair, jet-black eyes, and fair skin that

was almost translucent in normal light. A flicker of recognition seemed to cross her eyes and she smiled at him. His brain froze for a moment before he managed a nod in her direction as he passed in front of her.

He smiled back. A courtesy for allowing him an easy exit.

And that smile was caught in a blinding flash of light.

3

French Tycoon Hearts TV Princess

Iyon ang headline na bumungad kay Philip kasabay ng mapanuksong ngiti ng kanyang tiyuhin. Ito ang unang nagbalita sa kanya tungkol sa main banner ng entertainment section ng diyaryo na hawak-hawak nito.

Ang napakalaki at nakakairitang font ng caption ang naglaro sa kanyang harapan. There was also a mug shot of him and the *princess*. Ang 'best shot', ayon sa kolumnista ay ang larawan nilang dalawa na nagtitinginan at nakangiti sa isa't isa.

Kung hindi mo talaga alam ang pangyayari—gaya ng kaso ng mga karaniwang mambabasa—at may mapaglaro at malikhain kang isipan, makakabuo ng samu't saring kuwento tungkol sa larawan. Napailing na lang siya lalo na nang mapansing naka-focus doon ang atensyon ng kanyang tiyuhin.

"Huwag n'yong sabihing naniniwala kayo diyan?" he asked, exasperated.

"A picture is worth a thousand words. You, of all people should know that," makahulugan nitong saad.

Muli ay napailing na lamang siya.

“What? She’s beautiful. Talented, too.” Muli ang tito niya. “And you look good together,” patuloy pa nito.

This time, he laughed. The picture did look good. Jenny Roxas had beautiful skin, a slender physique with the face of an angel—a seraph in particular. Ang serafin ay isang uri ng anghel na may anim na pakpak. Yes, wings would suit her. She would make a very fine model on his canvas. Hers was a face one would not easily forget.

“Yeah, she’s pretty. I’ll give her that,” kunwa’y pagpapatianod niya.

“God, Hijo, what is wrong with you? Pretty is used to describe a butterfly, a wedding cake or a flower girl. But she…” anito habang itinuturo si Jenny Roxas sa diyaryo, “is more than that. She is art personified.”

“Art is an overstatement, Tito,” kontra niya.

Napabuntong-hininga na lamang ang matanda. Pareho nilang alam na wala itong pag-asang manalo sa pamangkin when it came to art and women.

“Look, Tito, I’m in a no-date-no-drama phase

right now," he reminded.

"And that is one heck of a drama," pakli nito.

"I'll demand for a retraction after this meeting," saad niya habang naghahanap ng driver sa club bag niya.

"Oh, come on! Be a good sport. The girl's got a major crush on you," susog pa rin nito.

"Yeah, I read that part," balewala niyang sagot at nagpatuloy. "Relationship is one thing, showbiz—another. And to top it all, I'm going to lose half of my assets in a matter of eight months. That, or sa kulungan ang bagsak ko."

The old man rolled his eyes. "You know the easiest way to solve that, Philip. But you prefer doing it the hard way. Always." Alfred took a swing at his golf ball.

He laughed despite himself. "Not the Lumier inheritance, please. Si Mama ay paulit-ulit na lang tungkol diyan. Pati ba naman kayo?"

Noong namatay ang ama ni Philip ay iniwanan siya nito ng mana na hanggang ngayon ay hindi niya kini-claim mula sa firm ng ama. Ito ay dahil sa kondisyong siya ang mamamahala ng kompanya ng

pamilya nila sa Paris oras na tanggapin niya iyon.

Ayaw niya iyong gawin. Not only because of the codicil but also because he didn't want anything to do with the family na nagtakwil sa kanyang ama at kinamumuhian ang kanyang ina.

"Cheer up, Phil," anang matandang pilit ngumiti bagaman alam ang tinatakbo ng kanyang isip. "Baka may mga paparazzi sa paligid, pangit sa litrato ang nakasimangot."

That made him laugh. Nginisian niya ang lalaki.

"So, what's the deal with you following Jenny Roxas? Fan ka rin ba niya, Tito Alfred?"

"Masama na ba'ng maging updated ngayon?" balik nito. "She's one of the most promising faces in television today."

"Really? Never heard of her until yesterday," sagot niya habang tinatantya ang bola sa putt.

"Ano ba'ng alam mo? You rarely watch local TV."

True, sang-ayon ni Philip sa kanyang isipan.

"She graduated from the *University of San Diego* with honors. Not only is she an actress, she's a screenplay writer as well," buong paghangang saad

ng matanda.

"Oh, may acting school pala sa *USD*." He feigned interest.

Jenny Roxas, bulong ng isip niya.

A common name for a common girl. Nakilala na siguro niya ang lahat ng klase ng babae. Yeah, Jenny was pretty, but so were the other ones he had known. He had dated a lot of women. Flings, walang seryoso. He told himself he was doing it in search of his 'mystery girl'.

One word from the woman concerned, and he would know if it was his mystery girl or not.

"She reminds me of you. Pareho kayong mag-isip pagdating sa negosyo," anito na naka-shoot na sa Putt No. 34.

Napalingon siya sa matanda. "Really? How so?"

"She first invested in restaurant and then hotels and then expanded to resorts," sagot nito. "She's the sole heiress to the *Eliera Group Of Companies*. Although she likes acting better than business, the man she marries is still very lucky."

Parang may gustong ipahiwatig ang matanda. Na masuwerte siya kung gagawan niya ng paraan na

siya ang mapangasawa ni Jenny Roxas. Gusto niyang magtawa.

Pero bakit na-e-excite siya?

———————

The best thing about night life is: *Nothing*.

Iyon ang naisaloob ni Philip na nakaupo nang tahimik sa isang sulok sa mataas na bahagi ng *Club Neon*. He didn't like the noise, he hated the flashing laser lights and most of all, he hated the girls in the bar who didn't seem to have respect for their person anymore.

He was not a hypocrite. Sure, he liked sex. He indulged in it when he was in the mood, and when the woman in question knew that he didn't go for serious relationships. Ang ayaw niya ay ang mga babaeng hindi makahalata na *ayaw niya*.

Tulad ng nang-aakit na sumasayaw sa harapan niya ngayon. She was dancing in an manner that would arouse a saint—but not him. He just stared at his glass.

He was waiting while looking at the bar entrance.

Club Neon is the hottest club in the city dahil sa mga kilalang personalidad na gabi-gabi ay naroon.

Napakahirap makapasok sa nasabing bar, mga kilala lang at makapangyarihan ang walang problemang maglabas-masok doon which included him and the young TV star/entrepreneur Jenny Roxas.

Ito ang tanging pampublikong lugar na pinupuntahan ng aktres.

———————

Alas diez ng gabi.

Right on time, ani Jenny sa sarili habang papasok sa bar.

Suot ang blue halter dress, she looked absolutely fabulous. Dumerecho siya sa VIP bar. Hindi talaga siya tagatangkilik ng ganitong klase ng lugar. Pero bilang pabor sa kaibigang may-ari ng bar ay pinili niyang maging isa sa regulars doon. Naupo siya sa isa sa mga stools at tinawag ang atensyon ni Gino, ang dakilang bartender.

“Gino, isang lime cooler, please.”

Dinala ng bartender ang order at nakangiting tinitigan siya. “Busy week?”

“Sinabi mo pa.” She sighed. “Three movies at isang TV sitcom,” sagot niya at sumimsim sa inumin.

"Well you wanted to be a star, enjoy it," biro nito. "By the way, congrats nga pala sa award mo."

Best supporting role lang 'yun, aniya sa sarili.

She smiled appreciatively. "Salamat. Ano'ng bago?" pag-iiba niya ng usapan.

"Ikaw dapat ang tinatanong ko niyan," balik nito at nakangisi siyang pinagmasdan.

"What do you mean?" kunot-noo niyang tanong.

"'Yung *Prince Charming* mo, naliligaw 'ata ng landas." Nakangisi pa rin ito.

"Ano ba'ng pinagsasabi mo diyan?" Ramdam agad niya ang pag-iinit ng mukha.

Ilang taon na siyang iniintriga pero ang pinakahuling intriga kay Philip Lumier ang isa sa pinakanakaapekto sa kanya. Magkaibigan ang mga ina nila dahil parehong nasa furniture business ang dalawa. At tuwing may party sa bahay ng mga Lumier ay naiimbitahan sila.

Noong bata pa siya ay naalala niyang nakita niya ang binata sa azotea at tumutugtog ng piano. He looked absolutely handsome. Gentle and mild on the outside, but sharp and alert on the inside. He built an empire of business of his own with his brilliant mind.

Pero noon pa man, hindi na siya pansin nito. At hanggang ngayon, naaalala pa rin niya ang pangyayari sa studio. How he looked like he was staring at her but in actuality, he failed to see her at all. And it hurt real bad.

"Hindi mo alam? Kung ganoon, bakit siya 'andito?" untag ni Gino.

"What? He's here?" mulagat niyang tanong.

For all she knew, Philip Lumier hadn't entered that bar in the past. Bigla ang pagsikip ng dibdib niya sa posibilidad na naroon ito for a date, or for Danny.

"H-how do I look?" taranta niyang tanong. She completely forgot her outfit.

"Great, as always," puno ng kumpiyansang sagot ni Gino at biglang nanuwid sa pagkakatayo. "He's coming this way, Jen," he whispered.

"Oh, dear." Bigla ang pagsalakay ng nakabibinging kaba sa kanyang dibdib.

She could even feel her head pounding sa lakas ng pagtibok ng kanyang puso. For the nth time, sinisi niya ang sarili kung bakit niya pa inamin sa publiko na may crush siya sa binata. Maybe he was approaching para linawin ang isyung iyon.

Shame.

She wanted to faint. Bigla ang pag-spark ng idea sa kanyang isip.

I'll fake a faint! sigaw ng isip niya.

She was an actress after all.

Nabilaukan pa siya nang uminom sa kanyang baso para sana ihanda ang sarili. She was a mess now. She thought fast. She couldn't faint with an ugly face. Mas mabuting tumakbo palayo. Dali-dali siyang tumayo mula sa bar dala ang basong puno ng ice ngunit sa pagmamadali ay nabangga ang braso niya sa taong nasa likuran niya. She gasped in horror as she watched the lime cooler glass emptied itself on a white *Ralph Lauren* shirt.

With her jaw locked in terror, her eyes wide-open, mabagal niyang itinaas ang paningin sa taong may suot ng natapunang shirt. It was comical—the turn of events—sadistic even.

Of all people, it was Philip Lumier!

"Whoa!" Nanindig ang balahibo ni Philip habang parang tinutusok ng malamig na yelo ang kanyang tiyan. The liquid flowed obscenely down his trousers.

Nakanganga si Jenny sa harap niya na tila di

makapaniwala sa nangyari.

Ang gandang first impression nito! sarkastikong naisip ng binata.

"I am so sorry!" bulalas ng dalaga nang makabawi. "Gino, abutan mo ako ng towel, bilis!" baling nito sa bartender.

Agad na tumalima ang tinawag.

"It's okay," kalmado niyang sagot, unti-unti nang nakaka-recover sa lamig ng inuming natapon sa kanya.

"It's not okay! God, this is so embarrassing," ani Jenny na tarantang pinapahiran ng tuwalya ang kanyang suot.

Tingin niya sa dalaga ay inoorasyunan nito ang kanyang damit para matuyo iyon *hora mismo*.

Hindi mahawakan ni Philip ang galaw nang galaw na dalaga. She was just moving around him with her towel. Punas dito, punas doon ang ginawa nito kasabay ng paulit-ulit na paghingi ng paumanhin. Pababa nang pababa ang kamay nitong may towel which made him feel rather warm around the crotch.

"Okay! Stop... stop!" aniyang mabilis na hinawakan ang mga kamay nito.

Jesus! The girl had no idea what she was doing… and what she was making him want to do. Humigit siya ng hangin at muling nagsalita.

"It's okay, relax." He could have laughed at his own statement. Iyon dapat ang sabihin niya sa sarili. Why, his hormones were in overdrive. "Alcohols evaporate faster than water," he decided to add at naupo sa isa sa mga high stools.

"Oo, pero—"

"It's an accident, Miss Roxas. Don't worry about it. It could have happened to anyone." He cut her off and smiled.

Wrong. Sa iyo lang ako natataranta, Philip, ani Jenny sa sarili.

"You're right, pero sorry pa rin," sa halip ay saad niya.

"Apology accepted," mabilis na sagot ni Philip. Lumingon ito sa bar at tinawag si Gino.

"Isang scotch, at isang…" Tinitigan nito ang basang polo. "Isang lime cooler, with extra ice." Umupo uli si Philip at natahimik sandali bago muli siyang hinarap. "Now that we're done with the ice breakers," biro nito, "maybe we can move on to the

main topic?"

Hindi makapaniwala si Jenny sa narinig.

Seryoso ba siya? Kailangan lang palang buhusan siya ng yelo para mapansin niya ako?

"Ano'ng nasa isip mo?" Sinalubong niya ang tingin nito.

I'm going to play it cool, 'yung tipong I don't really care. Napangisi ang dalaga sa naisip.

"I'm thinking, paano ka related kay Cecilia Roxas?" anito, not looking at anyone else but her.

"She's my mother." Gusto niyang sumigaw. Kilala nito ang mommy niya, pero siya hindi?

Napatango-tango ito. "Maybe that's why your face is familiar."

"Talaga?" Namangha siya sa tinuran nito.

So, maybe he knew her after all…

"Yup, kamukha mo siya and of course, there's your last name," sagot nito.

Nakaramdam si Jenny ng isang masakit na pagtusok sa puso niya. She felt pathetic. Hindi talaga siya napansin ni Philip. Hindi na siya nagkomento.

Bigla ay nakaramdam siya ng kalungkutan.

"So, why acting over business?" untag ng binata.

"Why business over art?" mabilis niyang pakli.

"Art is my business," he answered with a smile.

Nginitian din niya ito. "Showbiz is still business."

Tinantya ni Philip ang gamit na stratehiya. His usual way with girls was apparently not working on the young actress. Unless she was acting right now.

"So, why are you here?" Si Jenny ulit.

"I wanted to see you, Miss Roxas."

"Why?"

"I wanted to be sure kung tsismis lang ang lahat." Tinitigan ni Philip nang matiim si Jenny.

"Well, Mr. Lumier, I do have a crush on you. What do you say to that?" He would never know the nervousness she was feeling right now. Maliban na lamang kung naririnig nito ang lakas ng tibok ng puso niya.

"I'm flattered. It's not always that your uncle's crush would have a crush on you," nakatawang sabi ng binata.

Natawa rin si Jenny, enjoying his sense of humor. Bumuntong-hininga ito at itinuon ang paningin sa baso bago nagsalita.

"So, now you know. What are you gonna do about it?"

"I wonder, how would you like to meet my dog since I've already met yours. Clio, right?"

Muling natawa ang dalaga. "Yup, miss ka na niya. He's a sucker for sexy men."

"Lalaki 'yun?" kunot-noong tanong ni Philip.

"Thing is, hindi pa ako nakakabalita ng baklang aso, but if there's one, it's Clio," aniya.

Natawa nang malakas si Philip. It was a genuine laugh.

"And you think I'm sexy, huh?"

Mabillis na namula ang mukha ng dalaga. "C-Clio thinks you're sexy."

"Of course," pagpapatianod ng binata na hindi maalis ang kaaliwan sa mukha. "Well, my dog can't wait to meet you too."

It was hard not to smile around him.

Iyon ang nasa isip ni Jenny. Hindi niya ini-expect na ganito kagaan kasama si Philip. It was so easy to fall in love with him all over again. With his easy smile and timid personality.

Brains, looks, humor—he was almost too perfect.

"What I'm actually trying to say is, will you go out with me if I ask you?"

Natigil siya sa pagmumuni-muni pagkarinig sa sinabi nito. Tama ba ang narinig niya? Was he asking her out?

Hell, yes! sigaw ng utak niya.

Tinitigan niya ito, his honey-brown colored eyes, his tempting lips and handsome face.

"How can I say no?" she answered dreamily. Pero lumabas iyon na tila nanunukso.

"You can't," sagot ni Philip. "You can only say 'Yes, I would love to'."

"You gave me no choice, then. Yes, Philip, I would love to."

Nangislap ang mga mata ng binata at ngumiti. "Can we put that in writing?" biro nito.

She laughed her heart out.